Maging Handang Red Cross

Baha Listahan Sa Kaligtasan

Ang baha ay isa sa pinakamadalas at pinakamapaminsalang sakuna. Ito ay sanhi ng malakas at patuloy na pagbuhos ng ulan ng ilang oras o araw. Ang mabilis na pag-angat ng tubig sa mababang lugar ay maaring magdulot ng biglaang pagbaha.

Alamin ang Pagkakaiba

Flood/Flash Flood Watch (Bantay sa Pagbabaha)—Maaring bahain ang inyong lugar.

Flood/Flash Flood Warning (Balala sa Pagbabaha)—Kasalukuyang binabaha o malapit nang bahain inyong lugar.

Ano ang dapat kong gawin?

- ☐ Manatiling nakasubaybay sa balita at babala sa radyo o telebisyon at NOAA Weather Radio ukol sa baha at iba pang mahalagang impormasyon mula sa National Weather Service (NWS).
- ☐ Maging handang lumikas sa oras na kinakailangan.
- ☐ Kung may babala ng baha sa inyong lugar, lumikas papunta sa mataas na lugar at manatili doon.
- ☐ Umiwas sa tubig-baha. Maghanap ng alternatibong daan kung may tubig na umaagos na lampas bukong-bukong sa inyong dinadaanan . Maaring matangay ang sinuman ng rumaragasang tubig na may lalim na 6 na pulgada.
- ☐ Humanap ng ibang daan kung makarating sa kalsadang may baha habang nagmamaneho. Kung naipit sa baha at mabilis ang pagtaas ng tubig, kaagad na lumabas ng sasakyan at lumikas sa mataas na lugar. Karamihan ng kotse ay maaring maanod ng malalim na tubig.
- ☐ Bantayan at huwag palapitin ang mga bata sa tubig-baha. Sila ay masiyasat at hindi pa batid ang panganib na dulot ng tubig-baha.
- ☐ Mas maging maingat kung gabi, madilim at hindi lubusang makita ang panganib sa baha.
- ☐ Tiyaking sakop at babayaran ng inyong homeowners insurance ang pinsalang sanhi ng baha na kaugnay ng unos, bagyo, malakas na ulan at iba pang madalas na sakuna sa US. Para sa iba pang impormasyon tungkol sa insurance sa baha, bisitahin ang National FloodInsurance Program Web site sa www.fema.gov/business/nfip

Ano ang mga gamit na kailangan ko?

- ☐ Tubig –3 araw na suplay; isang galon bawat tao sa isang araw.
- ☐ Pagkain –3 araw na suplay ng hindi nasisira at madaling ihandang pagkain.
- ☐ Plaslayt
- ☐ Debateryang Radyo (NOAA Weather Radio, kung maari)
- ☐ Dagdag na baterya
- ☐ Pang-unang lunas na kit.
- ☐ Gamot (7 araw na suplay) at iba pang medikal na gamit (hearing aid na may bukod na batiriya, salamin sa mata, contact lenses, hiringgilya at tungkod)
- ☐ Gamit na maraming pakinabang (Multi-purpose tool)
- ☐ Mga malinis na personal na gamit
- ☐ Kopya ng mahahalagang dokumento (listahan ng gamot, titulo ng bahay at lupa, birth certificate, insurance policies)
- ☐ Cell phone at charger
- ☐ Impormasyon ng pamilya at mahahalagang numero ng telepono
- ☐ Karagdagang pera
- ☐ Kumot
- ☐ Mapa ng lugar
- ☐ Gamit na kailangan ng sanggol (bote, gatas, pagkain at lampin)
- ☐ Gamit na kailangan ng alagang hayop (kolyar, panali, ID at pagkain)
- ☐ Gamit para mapagtibay ang bahay
- ☐ Karagdagang susi ng saksakyan at bahay
- ☐ Karagdagang damit, sombrero at matibay na sapatos
- ☐ Kapote at botang pantag-ulan
- ☐ Proteksyon sa balat laban sa insekto at araw (insect repellant at sunscreen)
- ☐ Kamerang panlitrato ng mga nasirang bagay

Ano ang dapat gawin pagkatapos ng baha?

- ☐ Hintayin ang ulat ng mga pinuno ng bayan na ligtas nang bumalik sa inyong tahanan bago umuwi.
- ☐ Suriin ang labas ng tahanan kung may putol na kable ng kuryente, sirang tubo ng gas, bitak sa pundasyon at iba pang pinsala sa inyong bahay bago pumasok.
- ☐ Maaring may gumuho at napinsalang bahagi ng inyong bahay kaya't mag-ingat sa pagpasok sa pintuan. Tingnan kung ang bubungan ay nasira at dapat kumpunihin.
- ☐ Mag-ingat sa mga ligaw na hayop lalo na sa makamandag na ahas na maaaring nakapasok sa inyong tahanan dala ng tubig-baha.
- ☐ Tumawag sa bumbero kung nakaamoy o nakarinig ng tagas ng gas.
- ☐ Iwasang tumapak sa basang sahig kung may sirang kable ng kuryente.
- ☐ Ilayo ang mga bata at alagang hayop sa baha at iba pang mapanganib na lugar.
- ☐ Humingi ng tulong sa kinauukulan sa pagtatapon ng produktong nakakalason gaya ng panlinis, pintura, kontaminadong gas at sirang lalagyan nito.
- ☐ Magsuot ng protekyson gaya ng guwantes at bota sa paglilinis.
- ☐ Tiyaking malinis ang pagkain at tubig. Itapon ang mga bagay na nadumihan ng tubig-baha gaya ng mga delata, lalagyan ng tubig, kasangkapan sa kusina at bote ng bata.
- ☐ Huwag gamiting panghugas ng pinggan, pansipilyo, panluto, panghugas ng kamay, paggawa ng yelo o pantimpla ng gatas ng bata ang tubig na posibleng kontaminado.
- ☐ Magsangguni sa inyong lokal na kagawaran ng kalusugan tungkol sa tamang pamamaraan ng pagsala at pagpapakulo ng tubig na maaring kontaminado pagkatapos ng baha o sakuna sa inyong lugar.

Ipaalam Sa Inyong Pamilya Na Kayo Ay Ligtas

Kung nakaranas ng baha o iba pang sakuna, magparehistro sa American RedCross Safe and Well Web site na matatagpuan sa **RedCross.org** upang maipalam sa inyong mga kamag-anak at kaibigan ang inyong kalagayan. Kung walang Internet access, maaring tumawag sa **1-866-GETINFO** upang magparehistro.

American Red Cross
Serving King & Kitsap Counties

Para sa iba pang impormasyong tungkol sa pagiging handa sa panahon ng sakuna, safety classes at emergency kit, bisitahin ang **seattleredcross.org** o tumawag sa **206.323.2345, 360.377.3761 o TTY 206.720.5392.**

Copyright © 2009 by the American National Red Cross | StockNo.658522